ARTA umaksyon sa LTFRB, bagong Citizen's Charter Guidelines inilabas

Agosto 13, 2019- Matapos ang matinding pagsusuri sa naging tugon ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board (LTFRB), magsusumite na ang Anti-Red Tape Authority (ARTA) ng kanilang *findings and recommendation* kay Pangulong Rodrigo Duterte kaugnay ng mga reklamo mula sa Transport Network Vehicle Services (TNVS) *operators at drivers*.

Maglalabas din ang ARTA ng *order* na nagsasaad na lahat ng aplikasyon na nakapag-comply at naghihintay na lamang ng desisyon ay ma-o-*automatically approved* na. Kaugnay nito, ipapasumite ng ARTA mula sa LTFRB ang listahan ng mga kumpletong aplikasyon para sa *Certificate of Public Convenience* (CPC). Idedetalye din sa *order* na ito ang desisyon sa iba pang mga nakabinbin na reklamo.

Dagdag pa rito, pinananawagan ng ARTA sa LTFRB na i-*streamline* na ang kanilang mga proseso at magbigay sa ARTA ng *updated Citizen's Charter* sa lalong madaling panahon.

Matatandaan na noong ika-24 ng Hulyo ay nagpadala ng *Notice to Explain* si ARTA Director General Jeremiah Belgica sa opisina ni LTFRB Chairman Martin Delgra. Ayon sa liham, ilan sa mga isyu na kailangang sagutin ng LTFRB ay ang iregularidad sa pag-i-isyu ng CPC at *Provisional Authority* (PA), mga dagdag na *requirements* na lalong nagpapahaba at nagpapatagal ng kanilang mga proseso, at ang hindi pagbibigay ng prangkisa sa mga *hatchback operators*. Nakarating din si ARTA ang mga *video* ng mahabang pila sa labas ng tanggapan ng naturang ahensiya. Dagdag pa rito ang walang humpay na sumbong ng taumbayan na natatanggap ng ARTA sa kanilang *complaints action center.*

Kaya naman, ang ARTA ay lumahok sa ilang mga dayalogo upang pakinggan ang magkabilang panig. Pinangunahan ni ARTA Deputy Director General (DDG) Ernesto Perez ang pakikipagusap sa Laban TNVS at Defend Job Philippines noong ika-6 ng Hulyo.

Sumama din si DDG Perez sa dayalogo ng TNVS na inorganisa din ng mga nabanggit na grupo noong ika-8 ng Hulyo sa Quezon City Memorial Circle, at muling sumali sa LTFRB Dialogue sa sumunod na araw.

Samantala, matapos ang kanyang *appointment* ay agad ding umaksyon si DG Belgica sa isyu ng LTFRB at TNVS. Noong ika-12 ng Hulyo, sumadya sa opisina ng ARTA sina LTFRB Chairman Delgra at LTFRB Board Members Retired General Antonio N. Gardiola, Jr. at Engr. Ronaldo F. Corpus upang ipaliwanag ang mga *issues and challenges* sa kanilang ahensya.

Sa kabila nito, dagsa pa rin ng mga reklamo na natanggap ng ARTA kaugnay umano sa mga anomalya sa LTFRB kaya naman isang *joint operation* ang kinasa ng ARTA, kasama ng National Bureau of Investigation (NBI) at Presidential Anti-Corruption Commission (PACC), kung saan nahuli ang isang *'fixer'* sa LTFRB noong ika-26 ng Hulyo.

Ito ay ilan lamang sa mga naging inisyatibo ng ARTA upang aksyunan ang mga pahirap na ito sa TNVS community. Ngayon, pormal nang isusumite ng ARTA ang kanilang *report* sa Presidente.

GF, HPGV Building, 395 Senator Gil Puyat Avenue, Makati City, Philippines 1200
478-5091/478-5093/478-5099
www.arta.gov.ph

Paglabas ng Citizen's Charter Guidelines

Kasabay ng pagsusuri sa kaso ng LTFRB-TNVS ay binuo ng ARTA ang mas pinalakas na *Citizen's Charter Guidelines* mula sa Anti-Red Tape Act 2007 na sinimulan ng Civil Service Commission (CSC).

Kaya't makalipas lamang ang isang linggo nang maging epektibo ang *Implementing Rules and Regulations* (IRR) ng RA 11032, ay agad nang iro-*rollout* ng ARTA *Compliance, Monitoring and Evaluation Office* (CMEO) ang *Citizen's Charter Guidelines* na siyang susundin ng lahat ng ahensya ng gobyerno kabilang ang LTFRB.

Ang *Citizen's Charter* ay ang opisyal na dokumento na siyang naglalahad, sa simpleng mga termino, ng mga serbisyo na binibigay ng isang ahensiya ng gobyerno sa mamamayan. Ito rin ang magsisilbing basehan ng pananagutan ng mga magkakasala na mga empleyado. Sa kabilang banda, ang *Citizen's Charter* din ang magsisilbing batayan ng mga gantimpala kapag ang isang ahensiya ay nagpakita at nagbigay ng serbisyong higit pa sa inaasahan. Ayon sa batas, lahat ng proseso at transaksiyon ay dapat pumasok sa *prescribed processing time* na 3-7-20 o tatlong araw para sa simpleng proseso, pitong araw para sa mga kumplikado, at 20 araw para sa mga proseso na kailangan ng teknikal na pagsusuri.

Ang ilalabas na *Citizen's Charter Guidelines* ay dumaan sa masusing pag-aaral. Noong ika-6 ng Mayo, nagsagawa ng *Pre-working* session ang CMEO na dinaluhan ng 33 National Government Agencies (NGAs) at mga kinatawan ng pribadong sektor. Matapos nito, nagsagawa din ng *Consultative Meeting* ang CMEO nitong ika-1 ng Agosto na dinaluhan naman ng mga *Oversight Agencies* kasama ang mga sumusunod: CSC, Office of the Ombudsman, AO 25 Secretariat, GCG, DBM, DILG, DTI, DENR, Office of the Solicitor General, at WB-IFC.

Ang lahat ng ahensiya ng gobyerno ay may 90 *working days* o hanggang ika-6 ng Disyembre ngayong taon upang isumite ang kanilang *updated Citizen's Charter* na aayon sa inalabas na *guidelines.*

Ipapadala ang naturang dokumento sa mga *head of agencies* at makikita rin ang *Citizen's Charter Guidelines* sa www.arta.gov.ph.

Ang panawagan ng ARTA, mag-*streamline* na ang lahat ng ahensiya ng gobyerno at mag-*update* na ng kanilang mga *Citizen's Charter.* Huwag nang hintayin na isumbong kayo ng taumbayan dahil ang ARTA ay palaging aaksyon nang may solusyon. Kaisa ang ARTA sa direktiba ng Pangulo na padaliin at pabilisin na ang mga proseso at sistema sa gobyerno dahil #BawalSagabalSaPagunlad.

[END]

GF, HPGV Building, 395 Senator Gil Puyat Avenue, Makati City, Philippines 1200
478-5091/478-5093/478-5099
www.arta.gov.ph